

Dibisyon ng Seattle sa Pag-iwas sa Sunog

220 3rd Avenue South

Seattle, WA 98104-2608 Email: permits@seattle.gov



Mga Tolda at Pampainit para sa mga Panlabas na Kainan at Aktibidad: KBS Mga Gabay sa Kaligtasan at Permiso

Ang mga tolda ay maaaring maging mapanganib kung sila ay masunog o magiba. Dahil sa kadahilanang ito, ang mas malalaking tolda ay kinokontrol ng mga Kodigo ng Sunog at Gusali. Ang mga heater ay maaari ding magdulot ng mga panganib, kung ang init ay ibinibigay ng propane/Liquefied Petroleum Gas (LPG), diesel, o kuryente. Ang dokumentong ito ay nagpapakita ng buod ng mga kodigo na kinakailangang pati na rin ang espesyal na mas epektibong pagpapahintulot at mga panuntunang may bisa sa panahon ng pandemya ng COVID at pagbawi mula sa COVID.

MGA TOLDA

Kailangan mo ng permiso ng Kagawaran ng Bumbero ng Seattle (KBS) para sa paggamit ng pansamantalang tolda, canopy, o sinusupportahan ng hangin na istraktura kung:

- Ang istraktura ay mas malaki kaysa sa 400 piye kuwadrado at may isa o higit pang mga dingding; O,
- Ang istraktura ay mas malaki kaysa sa 700 piye kuwadrado na walang mga dingding (bubong lamang na mga canopy).
- Mayroon kang dalawa o higit pang maliliit na tolda na bubong lang na magkatabi na wala pang 12 talampakan ang layo at ang kabuoang lawak ng mga ito ay mas malaki sa 700 piye kuwadrado.

Kasama sa permiso ang mga kondisyon na dapat mong sundin tungkol sa mga materyales sa tolda at pagtatayo upang makasunod sa mga kinakailangan sa kaligtasan sa kodigo ng sunog. Ang permiso ay magagamit sa loob ng 28 araw. Kung ang iyong tolda ay nakakatugon o lumampas sa mga limitasyon sa laki sa itaas at gagamitin nang mas mahaba kaysa sa 28 araw, pagkatapos matanggap ang iyong KBS na pansamantalang permiso sa tolda, maaari kang makipag-ugnayan sa Departamento ng Konstruksiyon at mga Inspeksiyon ng Seattle sa 206-684-8850 para sa pagpapahintulot. Ang mga tabing ay nangangailangan rin ng permiso mula sa DKIS at hindi hinahawakan ng KBS.

Tiyaking Maaaprubahan ng Marshal ng Sunog ang Iyong Tent Kung ikaw ay bumibili ng tolda na mas malaki sa 400 piye kuwadrado, pakisuyong siguraduhin na natutugunan nito ang mga pamantayang retardant sa apoy sa kodigo para sa sunog (tingnan ang kondisyon ng permiso #8 sa huling pahina). Kakailanganin mong tanggapin ang responsibilidad at pananagutan para sa wastong pagtatayo ng tolda ayon sa mga pamantayan ng industriya at/o mga tagubilin sa pagtatayo ng gumawa. Ang mga pansamantalang tolda ay hindi dapat tirahan sa panahon ng pag-ipon ng niyebe o yelo maliban kung nakadiseno para sa kumpletong pagkakarga ng istraktura ayon sa Kodigo ng Gusali ng Seattle. Ang mga maliliit na tolda ay dapat alisin sa panahon ng pag-ipon ng niyebe at yelo at mahangin na kaganapan. Ang mga tolda na inupahan sa pamamagitan ng isang kagalang-galang na kompanya ng pag-upa ng tolda ay makakatugon sa mga pamantayan ng kodigo ng sunog at ang kompanya ng tolda ay mananagot para sa wastong pagtatayo.

Dapat ba Akong Pumili ng Tolda na Walang Dingding? Para sa mga bentilasyon na kadahilanan, sa panahon ng pandemya, ang mga paghihigpit ng gobyerno kung minsan ay nangangailangan ng zero, isa, dalawa o higit pang mga dingding. Maaaring mong naisin na isaalang-alang ito kapag bumibili o umuupa ng tolda, dahil hindi alam kung ang mga variant sa hinaharap ay magdudulot ng pagbabalik sa mga paghihigpit na ito.

Bilang karagdagan, mayroon ding mga epekto ang kodigo ng sunog sa pagpili ng tent na may pader o wala: Kung ang iyong tolda ay walang mga dingding, kailangan mo lang ng permiso ng KBS kung ang iyong tolda ay mas malaki kaysa sa 700 piye kuwadrado, o may mga tolda ka na magkatabi na wala pang 12 talampakan ang layo na ang kabuoang lugar ay lumalagpas sa 700 piye kuwadrado. Subalit, kapag ikaw ay nagdagdag ng mga dingding sa iyong tolda,

Mga Tolda at Pampainit para sa mga Panlabas na Kainan at Aktibidad: KBS Mga Gabay sa Kaligtasan at Permiso

mangangailangan din ang maliliit na tent ng permiso ng KBS. Kung may mga dingding ang iyong tolda, kailangan ang permiso para sa mga toldang 400 piye kuwadrado o mas malaki.

Gaano Kalapit sa Gusali Maaaring Itayo ang Tolda? Halimbawa, ang mga Tent na Sumasaklaw sa mga Lamesang Kainan sa Bangketa KBS ay karaniwang humihiling ng paghihiwalay sa pagitan ng mga tolda at mga gusali na hindi bababa sa 12 talampakan.

Ano ang Buong Mga Kondisyon ng Permiso para sa Pansamantalang Tent? Pakisuyong tingnan ang huling pahina.

PANLABAS NA PAGPAPAINIT AT LIWANAG

Kailangan ng Propane (LPG) at Diesel-Fueled na mga Pampainit ng Permiso at ang mga Tangke ng Gasolina ay Hindi Pinapayagan sa Loob ng mga Tolda. Ibig sabihin ang mga pampainit na "mushroom" ay pinapayagan 10 talampakan ang layo mula sa mga tolda, ngunit ipinagbabawal sa loob ng mga tolda. Ang mga istilong "Salamander" na pampainit na nag-ihip ng hangin sa ilalim ng tolda mula sa labas ay pinahihintulutan at kadalasang makukuha sa mga kompanyang nagpaparenta ng tolda. Ang tangke ng gasolina ay dapat na hindi bababa sa 10 talampakan ang layo mula sa tolda at mga labasan at dapat ay mayroon kang 3A 40BC na pamatay ng apoy.

Kung nagrenta ka ng LPG/propane o diesel na pampainit mula sa isang kompanyang nagpaparenta ng tolda, karaniwang magkakaroon ang kompanyang iyon ng kinakailangang KBS na permiso ng propane/diesel na pampainit, at hindi mo na kailangan ng karagdagang permiso. Dapat din silang magbigay ng mga kinakailangang pamatay ng apoy. Kung bibili ka ng sarili mong LPG/propane o diesel na mga pampainit, kakailanganin mo ng permiso ng KBS.

Ang KBS ay nag-iisyu ng temporaryong permiso ng Propane/LPG na pampainit (kodigo ng permiso 8207) at isang permiso ng diesel (kodigo ng permiso 1102) para matugunan ang iyong iba't ibang pangangailangan sa pagpapainit.

Elektronikong mga Pampainit at Liwanag ay pwede sa labas at sa loob ng tolda at hindi nangangailangan ng bukod na permiso mula sa KBS. Gayunpaman, dapat na nakasaksak sila sa naaprubang elektronikong saksakan.

Para sa higit pang impormasyon, pakisuyong kontakin ang Yunit ng mga Permiso ng KBS sa permits@seattle.gov. Ang mga serbisyo sa interpretasyon ay available. Mangyaring huwag mag-atubiling humiling ng isang tawag sa isang taong nagsasalita ng iyong wika - sabihin lamang sa amin kung aling wika at ang numero ng iyong telepono.

MGA KONDISYON NG PERMISO KBS TEMPORARYONG MGA PERMISO NG TOLDA

1. Isang 12 talampakan ang lawak na "BAKANTENG LUGAR" ang dapat nakalagay sa paligid ng buong perimetro ng tolda. Walang paradahan sa loob ng 20 talampakan mula sa tolda. (Kabilang sa perimetro ng tolda ang mga tulos na ginamit upang suportahan ang istraktura. Ang "BAKANTENG LUGAR" ay dapat na sukatin palabas mula sa pinakamalayong tulos.) Ang kahilingang ito ay iniuurong kapag ang topograpiya ay isang salik na naglilimita at may pag-apruba mula sa isang kinatawan ng Dibisyon ng Seattle sa Pag-iwas sa Sunog. Ang waiver ng kinakailangang distansya ay maaaring nabanggit at/o ipinapakita sa kalakip na naaprubang plano. ('18 SFC Seksiyon 3103.2 & 3103.8)
2. Isang 20 talampakan ang lawak na "DAANAN NG DEPARTAMENTO NG SUNOG" ay dapat na ilaan para mapuntahan ang istraktura ng tolda. ('18 SFC Seksiyon 503)
3. Ang pinakamababang bilang at lapad ng mga labasan/paraan ng paglabas ay dapat na katulad ng nakalista sa tsart sa ibaba. Ang pinakasagad na distansya ng paglalakbay papunta sa labasan ay dapat na 100 talampakan kapag nasa loob ng tolda. ('18 SFC Seksiyon 3103.12)

Mga Tolda at Pampainit para sa mga Panlabas na Kainan at Aktibidad: KBS Mga Gabay sa Kaligtasan at Permisong

Bilang ng Okupante	Pinakamababang # ng mga labasan	Pinakamababang lapad ng bawat labasan
10 hanggang 199	2	72
200 hanggang 499	3	72
500 hanggang 999	4	96
1,000 hanggang 1,999	5	120
2,000 hanggang 2,999	6	120
Lagpas 3,000	7	120

4. Ang bawat labasan ay dapat lagyan ng may ilaw na 'EXIT' na karatula na ang mga titik ay hindi bababa sa 5 pulgada ang taas. ('18 SFC Seksiyon 3103.12.6).
5. Maglaan ng isang pamatay sa apoy na may markang minimum na 2A para sa bawat 2,000 piye kuwadrado ng lugar ng tolda. Ang lokasyon ng bawat pamatay sa apoy ay dapat markahan ng mga palatandaan, na malinaw na nakikita. Ang pinakasagad na distansya ng paglalakbay papunta sa anumang pamatay sa apoy sa loob ng tolda ay dapat na 50 talampakan. ('18 SFC Seksiyon 3107.9)
6. Anumang mga sasakyan sa tolda ay dapat na walang laman ang mga tangke ng gasolina at ang mga kable ng baterya ay dapat idiskonekta. ('18 SFC Seksiyon 3107.15)
7. Magpaskil ng mga "NO SMOKING" na karatula, na madaling makita sa buong tolda/canopy, at ipatupad ang patakarang ito. ('18 SFC Seksiyon 3107.3)
8. Ang mga bakuran, sa loob at labas, ay dapat panatilihin malaya at malinis mula sa madaling magningas na basura. Ang anumang basura ay dapat alisin at iimbak sa isang naaprubahang paraan. ('18 SFC Seksiyon 3107.18 & 3107.19)
9. Dapat ay walang bukas na apoy na aparato o demonstrasyon na pinapayagan sa tolda nang walang patiunang aproba ng Dibisyon sa Pag-iwas sa Sunog. ('18 SFC Seksiyon 3107.4)
10. Ang mga sidewalls drop at tuktok ng tolda ay dapat na retardant sa apoy ang materyal. ('18 SFC Seksiyon 3104.2)
11. Anumang mga hindi inaasahang kondisyon na magbibigay ng panganib sa sunog, o mag-aambag sa mabilis na pagkalat ng apoy, o makakapagpaantala o makakagambala sa mabilis na paglabas mula sa tolda, na hindi sakop ng permisong ito, ay dapat na alisin o itama agad. ('18 SFC Seksiyon 105.3)
12. Tanging ang mga pinapaandar ng kuryente na pampainit na aparato lang ang pinapayagan sa loob ng tolda. Ang lahat ng iba pang kagamitan sa pagpapainit (hal. propane, diesel at kerosene fueled) ay dapat nasa labas ng tolda at nangangailangan ng hiwalay na permisong ibinigay ng Kagawaran ng Bumbero ng Seattle. ('18 SFC Mga Seksiyon 3107.4, 3107.12, 3107.13, 3107.14, 105.3 at 105.6)
13. Ang mga elektronikong pampainit at iba pang mga elektronikong kagamitan ay dapat na nakalista at naaprubahan ng UL, FM o iba pang naaprubahang mga ahensiya para sa pagsusuri at nakasaksak sa naaprubahang saksakan ng kuryente. ('18 SFC Seksiyon 604.10)
14. Ang mga kable ay dapat na malinaw na minarkahan upang maiwasang maging isang panganib sa pagkatisod ('18 SFC Seksiyon 105.3)
15. Upang maging may bisa, ang permisong at mga kalakip na ito ay dapat ipaskil sa malapit sa inookupahan/mga aktibidad. ('18 SFC Seksiyon 105.3.5)
16. Ang mga maluwag na upuan, natitiklop na upuan o katulad na upuan, na higit sa 200, ay dapat pagsama-samahin sa mga grupo ng tatlo o higit pa. ('18 SFC Seksiyon 1029.15)
17. Ang isang dokumento pagkatapos na tinutukoy bilang isang "Sulat ng Katatagan ng Istruktura (SNKI)" ay dapat ibigay sa oras ng aplikasyon para sa permisong ito ('18 SFC Seksiyon 3103.6 at 3103.9)
18. Ang mga pansamantalang tolda ay hindi dapat tirahan sa panahon ng pag-ipon ng niyebe o yelo maliban kung nakadiseno para sa kumpletong pagkakarga ng istruktura ayon sa Kodigo ng Gusali ng Seattle. ('18 SFC Seksiyon 105.3)